IKALAWANG LINGGO NG ADBIYENTO – TAON B

Is 40:1–5, 9–11; 2 Ped 3:8–14; Mk 1:1–8

“Ihanda ang Daan ng Panginoon: Linisin ang daan, buksan ang iyong puso, at magbigay ng puwang para kay Kristo.”

PANIMULA

Ilang araw bago ang isang mahalagang kasalan, natuklasan ng isang pamilya na ang daan patungo sa kanilang bahay ay nahaharangan ng mga nabuwal na sanga at mga bato. Abala ang lahat sa pagpapalamuti ng bahay, pag-aayos ng mga bulaklak at paghahanda ng pagkain. Ngunit ipinaalala sa kanila ng isang matandang kapitbahay, “Ano ang silbi ng paghahanda sa bahay kung hindi naman makararating sa pintuan ang mga panauhin?” Agad na nilinis ng pamilya ang daan. Naunawaan nila na ang pagtanggap sa isang tao ay nagsisimula sa paghahanda ng daan para sa kanya.

Mga minamahal kong kapatid, ang Adbiyento ay panahon ng pagtanggap. Naghahanda tayo hindi lamang para sa isang pagdiriwang, kundi para sa pagdating ni Hesukristo. Ang tanong ay hindi lamang kung handa na ang ating mga tahanan para sa Pasko, kundi kung handa na ang ating mga puso na tanggapin ang Panginoon.

Sa unang pagbasa, ipinahahayag ni Isaias ang mensahe ng Diyos na nagdudulot ng aliw at ipinababatid na dumarating ang Panginoon tulad ng isang pastol upang tipunin, kalungin at alagaan ang Kanyang bayan.

Sa ikalawang pagbasa, ipinapaalala sa atin ni San Pedro na matiyaga ang Panginoon sa atin at tinatawag Niya tayong mamuhay nang banal habang hinihintay natin ang bagong langit at bagong lupa.

Sa Ebanghelyo, tinatawag ni Juan Bautista ang mga tao sa pagsisisi, na nagpapahayag: “Ihanda ang daraanan ng Panginoon, tuwirin ang Kanyang mga landas.”

Sama-sama, inaanyayahan tayo ng mga pagbasang ito na linisin ang daan ng ating mga puso sa pamamagitan ng pagsisisi, pagpapatawad at pakikipagkasundo.

Ipinapaalala rin nila sa atin na inihahanda natin ang daan ni Kristo hindi lamang sa pagbabago ng ating sarili, kundi sa pagdadala ng aliw, pag-asa at kapayapaan sa iba. Kaya suriin natin ang ating mga puso. Anong bundok ng kapalaluan ang dapat patagin? Anong sama ng loob ang dapat alisin? Anong sirang ugnayan ang nangangailangan ng paghilom? Habang kinikilala natin ang mga hadlang na pumipigil kay Kristo na lalong makapasok sa ating buhay, mapagpakumbaba nating hingin ang Kanyang awa.

HOMILIYA

Minsan, nagreklamo ang isang lalaki sa kanyang kaibigan na laging magulo ang kanyang bahay. Tinanong siya ng kaibigan, “Kailan mo balak linisin ito?” Sumagot ang lalaki, “Kapag marami na akong oras.” Ngumiti ang kaibigan at sinabi, “Hindi lilinis ang bahay sa paghihintay lamang. May kailangang magsimula.”

Ang simpleng puna na iyon ay naglalarawan sa mensahe ng Adbiyento. Maaari nating gugulin ang mga linggong ito sa paghahanda ng mga palamuti, pagbili ng mga regalo, pagpaplano ng mga handa at pag-aayos ng mga pagdiriwang. Ngunit hinihiling sa atin ni Juan Bautista na ihanda ang isang bagay na higit na mahalaga: “Ihanda ang daraanan ng Panginoon, tuwirin ang Kanyang mga landas.” Ang tanong ay hindi lamang kung handa na ang ating mga tahanan para sa Pasko, kundi kung handa na ang ating mga puso na tanggapin si Kristo.

Ang Adbiyento ay nangangahulugang pagdating. Inaalala natin si Kristo na dumating sa ating piling sa Betlehem; tinatanggap natin Siya sa Kanyang pagdating sa atin ngayon sa Kanyang Salita, sa Eukaristiya at sa mga taong ating nakakasalamuha; at inaasam natin ang Kanyang pagdating sa kaluwalhatian. Kaya ang Adbiyento ay hindi lamang pagbibilang ng mga araw hanggang Pasko. Ito ay panahon ng pag-aabang, pagbabalik-loob at pag-asa.

1. Dumarating ang Diyos upang aliwin at tipunin tayo Nagsisimula ang unang pagbasa sa magiliw na utos ng Diyos: “Aliwin ninyo, aliwin ninyo ang aking bayan.” Dumanas ang bayang Israel ng pagdurusa, pagkatapon at

kawalang-katiyakan. Kailangan nila ang katiyakan na hindi sila pinabayaan ng Diyos. Ipinahayag ni Isaias: “Narito ang inyong Diyos!” Pagkatapos ay inilarawan niya ang Panginoon bilang isang pastol na nagpapakain sa Kanyang kawan, kinakalong ang mga tupa sa Kanyang mga bisig, dinadala sila malapit sa Kanyang puso at marahang ginagabayan sila.

Ito ang Diyos na ang daan ay ating inihahanda. Hindi Siya dumarating upang takutin tayo o durugin tayo dahil sa ating mga kabiguan. Dumarating Siya upang tipunin, kalungin, pakainin, aliwin at gabayan tayo. Maaaring ang ilan sa atin ay may pasan na hindi nakikita ng iba: karamdaman, pagdadalamhati, mga suliranin sa pamilya, sirang ugnayan, pagkakasala mula sa nakaraan o pag-aalala tungkol sa hinaharap. Malinaw ang mensahe ni Isaias: Alam ng Diyos; dumarating ang Diyos; nagmamalasakit ang Diyos.

Isang batang nawalay sa kanyang ina sa isang mataong palengke ang natagpuang umiiyak ng isang tindero. Hindi maipaliwanag ng bata kung saan siya nakatira, ngunit paulit-ulit niyang sinasabi, “Hinahanap po ako ng nanay ko.” Sinamahan siya ng tindero hanggang sila ay muling magkita. Nakasalalay ang pag-asa ng bata sa katiyakang hinahanap siya ng kanyang ina. Sa higit na dakilang paraan, ang ating pag-asa ay nakasalalay sa Diyos na dumarating upang hanapin tayo at tipunin tayo sa Kanyang mapagmahal na kalinga.

Maaari nating gawing panalangin sa Adbiyento ang “Parito Ka, Panginoong Hesus.” Masasabi natin ito paggising natin, kapag tayo ay nag-aalala, kapag tayo ay nalulungkot at bago tayo matulog. Hinihiling natin kay Hesus na lalo Siyang pumasok sa mga bahagi ng ating buhay na ating isinara.

2. Ang daang kailangang ihanda ay ang daan ng puso

Inilalarawan ni Isaias ang mga lambak na tinatambakan, mga bundok na pinapatag, mga paliku-likong daan na itinutuwid at mga baku-bakong daan na pinakikinis. Inulit ni Juan Bautista ang propesiyang ito. Hindi niya hinihiling na gumawa tayo ng daan sa gitna ng ilang. Inaanyayahan niya tayong suriin ang kalagayan ng ating mga puso.

May mga bundok na kailangang ibaba: ang kapalaluang nagsasabing, “Hindi ako kailanman nagkakamali”; ang sama ng loob na nagsasabing, “Hinding-hindi ako magpapatawad”; at ang pagkamakasarili na ayaw magbigay ng puwang sa ibang tao. May mga lambak na kailangang tambakan: ang panghihina ng loob na bumubulong, “Wala nang pag-asa para sa akin”; ang takot na nagsasabing, “Hindi ko kayang harapin ang bukas”; at ang kalungkutan kung saan nadarama ng isang tao na siya ay nakalimutan na. Mayroon ding mga baluktot na landas: mga kalahating katotohanan, mga dahilan, mga lihim na bisyo, mga napakong pangako at mga ugnayang nangangailangan ng pansin.

Minsan, naghanda ang isang pamilya para sa isang paglalakbay. Handa na ang kanilang sasakyan at nakaimpake na ang kanilang mga bag, ngunit isang nabuwal na puno ang humarang sa daan. Hindi sila makausad hangga’t hindi naaalis ang hadlang. Sa ganito ring paraan, maaaring mabuti ang ating mga layunin, ngunit ang isang hindi naresolbang sama ng loob o paulit-ulit na makasalanang gawi ay maaaring pumigil sa atin na lumapit sa Diyos.

Hinihiling sa atin ng Adbiyento na tukuyin ang hadlang sa halip na magreklamo tungkol sa paglalakbay. Marahil kailangan nating tumigil sa paninisi sa iba at tanggapin ang ating pananagutan. Marahil kailangan nating magsabi ng totoo, tuparin ang isang pangako, talikuran ang isang nakapipinsalang bisyo o maglaan ng panahon para sa panalangin. Hindi natin kailangang linisin ang buong daan nang sabay-sabay. Maaari tayong magsimula sa isang hadlang.

3. Ang pagsisisi ang daan tungo sa isang bagong simula

Sinasabi sa atin ng Ebanghelyo na lumitaw si Juan sa ilang, na nangangaral ng “binyag ng pagsisisi para sa kapatawaran ng mga kasalanan.” Maaaring hindi “pagsisisi” ang unang salitang naiuugnay natin sa Pasko. Ang naiisip natin ay mga ilaw, mga awiting pamasko, mga salu-salo ng pamilya, pagkain at mga regalo. Ngunit ipinapaalala sa atin ni Juan na ang pinakamalalim na paghahanda ay hindi panlabas na palamuti; ito ay ang pagbabalik-loob ng puso.

Ang pagsisisi ay hindi nangangahulugan ng pagsasabing, “Napakasama kong tao at wala nang pag-asa para sa akin.” Ang ibig sabihin nito ay pagiging sapat na tapat upang sabihin, “Hindi ako palaging namuhay ayon sa tawag ng Diyos, ngunit sa tulong ng Kanyang biyaya, kaya kong magbago. Kaya kong bumalik. Kaya kong magsimulang muli.” Ang ibig sabihin nito ay pagbabago ng direksyon at pagpapahintulot sa awa ng Diyos na muling hubugin ang ating buhay.

Alam nating lahat kung paano ang makapagsalita ng isang bagay na pinagsisisihan natin, makasakit ng iba, mapabayaan ang panalangin, hayaang pangibabawan tayo ng galit o tumangging magpatawad. Ngunit ang ating pinakamasamang sandali ay hindi kailangang maging ating pagkakakilanlan.

Minsan, ikinuwento ng isang pari ang tungkol sa isang lalaking muling nangumpisal matapos ang maraming taon. Pagkatapos, napaiyak ang lalaki. Sinabi niya, “Sa unang pagkakataon sa loob ng maraming taon, sinabi ko ang totoo tungkol sa aking sarili. Para bang may malaking pasaning naalis sa akin.” Iyan ang kalayaang maidudulot ng pagsisisi. Ang Sakramento ng Pakikipagkasundo ay hindi upang hiyain tayo; ito ay isang pakikipagtagpo sa awa ng Diyos, na tumatanggap sa atin at nagbibigay sa atin ng biyayang magsimulang muli.

Ipinapaalala sa atin ni San Pedro, sa ikalawang pagbasa, na matiyaga ang Panginoon. Ang Kanyang pagtitiyaga ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon para sa pagbabalik-loob, kabanalan at bagong simula. Itinatanong niya kung anong uri ng mga tao tayo dapat habang hinihintay natin ang Panginoon: mga taong ang buhay ay tanda ng kabanalan at debosyon.

Kaya marahil ngayong Adbiyento ang tamang panahon upang muling mangumpisal, humingi ng tawad sa isang taong ating nasaktan, o patawarin ang isang taong nanakit sa atin. Ang pagsisisi ay hindi lamang pagdaramdam ng pagsisisi; ito ay paghakbang sa isang bagong direksyon.

4. Nananahan ang Diyos kung saan natin Siya pinapapasok

May isang lumang kuwento tungkol sa isang rabbi na tinanong, “Saan nananahan ang Diyos?” Sumagot ang mga iskolar, “Pinupuno ng Diyos ang buong sansinukob!” Sumagot ang rabbi, “Nananahan ang Diyos saanman natin Siya pinapapasok.”

Ang Diyos ay naroroon sa lahat ng dako, ngunit maaari nating isara sa Kanya ang ilang bahagi ng ating buhay. Maaaring may bahay tayong napakagandang napalamutian para sa Pasko habang ang silong ng ating mga puso ay nananatiling punung-puno ng sama ng loob, inggit, kapaitan o mga bisyong ayaw nating harapin.

Marahil ito ang sinasabi sa atin ng Adbiyento: huwag lamang palamutian ang bahay; linisin ang puso. Maaaring may taong hindi nangangailangan ng isa pang pagdiriwang ng Pasko kundi ng pakikipagkasundo; hindi ng isa pang regalo kundi ng kapatawaran; hindi ng higit pang ingay kundi ng sampung minutong katahimikan sa harap ng Diyos. Maaaring kailangan nating sabihin, “Patawad,” “Pinatatawad kita,” o “Magsimula tayong muli.”

Ang isang taos-pusong paghingi ng tawad ay makapagbubukas ng daan. Ang isang gawa ng pagpapatawad ay makapagsisimula ng paghilom ng isang pamilya. Ang isang pasyang bumalik sa panalangin ay makapagbibigay ng puwang para sa Diyos. Hindi natin

kailangang alisin ang bawat bundok ngayon. Maaari tayong magsimula sa pag-aalis ng isang bato.

5. Tulad ni Juan, ituro si Kristo May kahanga-hangang katangian si Juan Bautista. Dumarating ang mga tao upang makinig sa kanya at hinahangaan nila ang kanyang pangangaral. May ilang nag-isip kung siya kaya ang Mesiyas. Maaari sanang ikinatuwa ni Juan ang atensyon. Sa halip, itinuturo niya ang higit pa sa kanyang sarili at ipinahahayag na may darating na higit na makapangyarihan. Ang kanyang tungkulin ay hindi upang magtipon ng mga tagasunod para sa kanyang sarili kundi upang ihanda ang mga tao na tanggapin si Hesus.

Iyan din ang misyon ng bawat Kristiyano. Dapat ituro ng ating buhay si Kristo. Kapag nakakasalamuha tayo ng mga tao, nararanasan ba nila ang Kanyang pagtitiyaga, kabaitan, pagpapatawad, habag at kapayapaan? Pinadadali ba ng ating mga salita at gawa para sa iba ang maniwala na ang Diyos ay mapagmahal at maawain? O nagiging hadlang ba tayo dahil sa masasakit na salita, kawalang-katapatan at kawalang-malasakit?

Ang isang karatula sa daan ay hindi humihiling sa mga manlalakbay na hangaan ito. Itinuturo lamang nito sa kanila ang tamang direksyon. Si Juan ay isang karatulang nakaturo kay Hesus. Tinatawag tayong gawin din ito: hindi “Tingnan ninyo ako,” kundi “Tingnan ninyo si Kristo.”

6. Ihanda ang daan ni Kristo para sa kapwa Paano natin ito magagawa sa praktikal na paraan? Maaaring hindi natin kayang baguhin ang buong mundo, ngunit kaya nating baguhin ang araw ng isang tao. Maaari nating tawagan ang isang taong nalulungkot, dalawin ang isang maysakit, magbigay ng lakas ng loob, humingi ng tawad, magpatawad, magbigay ng puwang sa ating hapag para sa isang taong nag-iisa o magpakita ng pagtitiyaga sa isang taong mahirap pakisamahan.

Napansin ng isang babae na bihirang lumabas ng bahay ang isang matandang kapitbahay. Nagsimula siya sa pagbati sa kanya, pagkatapos ay dinalhan niya ito ng

pagkain at kalaunan ay inanyayahan itong makisalo sa kanyang pamilya sa Pasko. Hindi niya nalutas ang bawat problema sa buhay nito, ngunit tiniyak niyang hindi ito nakalimutan. Ang maliit na kilos na iyon ay naging daan upang maabot ni Kristo ang isa pang tao.

Hindi natin maaalis ang bawat bundok sa mundo, ngunit marahil maaalis natin ang isang bundok sa pagitan ng dalawang tao. Hindi natin mapipigilan ang bawat digmaan, ngunit makapagdadala tayo ng kapayapaan sa ating pamilya. Hindi natin maaalis ang kalungkutan ng lahat, ngunit matitiyak natin na may isang taong hindi mag-iisa. Dumarating ang Diyos sa atin, at kadalasan, dumarating Siya sa iba sa pamamagitan natin.

7. Ang Adbiyento ay panahon ng pag-asa Nagsasalita si San Pedro tungkol sa bagong langit at bagong lupa, kung saan mananahan ang katuwiran. Ang pag-asang Kristiyano ay hindi ang paniniwalang magiging madali ang lahat. Ito ay ang pagtitiwala na tapat ang Diyos, na hindi ang pagdurusa ang magkakaroon ng huling salita at na inaakay ni Kristo ang sangnilikha tungo sa kaganapan nito.

May mga taong nagdadala ng mabibigat na pasanin sa panahong ito: pagdadalamhati, karamdaman, kawalan ng trabaho, alitan sa pamilya o takot sa hinaharap. Hindi tayo hinihiling ng Adbiyento na magkunwaring wala ang mga paghihirap na ito. Inaanyayahan tayo nitong ilagay ang mga ito sa mga kamay ng Pastol na nagtitipon ng Kanyang mga tupa at dinadala sila malapit sa Kanyang puso.

Ang pagtitiyaga ng Panginoon ay hindi kawalang-malasakit. Ang Kanyang pagdating ang ating pag-asa; ang Kanyang awa ang nagbibigay-daan sa isang bagong simula. Ang Kanyang presensya ang nagbibigay sa atin ng

lakas upang gawin ang susunod na hakbang, kahit hindi natin nakikita ang buong daan.

Pangwakas Tanungin natin ang ating sarili: Anong bundok ng kapalaluan ang kailangang ibaba? Anong lambak ng panghihina ng loob ang kailangang punuin ng pag-asa? Anong baluktot na landas ang kailangang ituwid? Sino ang kailangan kong patawarin? Kanino ako dapat humingi ng tawad? Ano ang isang batong maaari kong alisin ngayon?

Nabalitaan ng isang batang lalaki na dadaan ang hari sa kanilang nayon. Lumabas ang lahat upang makita siya, ngunit nanatili sa bahay ang bata. Tinanong siya ng kanyang ama, “Bakit hindi ka pupunta para makita ang hari?” Sumagot ang bata, “Hindi lang po makita ang hari ang gusto ko. Gusto ko pong pumunta ang hari sa ating bahay.” Ngumiti ang kanyang ama at sinabi, “Kung gayon, kailangan mong ihanda ang daan.”

Lumabas ang bata. Inalis niya ang isang malaking bato sa daan, tinulungan ang isang matandang lalaking may pasang mabigat, inaliw ang isang babaeng nakaupong mag-isa at tinulungang magkasundo ang dalawang kapitbahay na nag-aaway. Nang dumating ang hari, itinanong niya kung sino ang naghanda ng kanyang daan. Itinuro ng mga taganayon ang bata. Sinabi ng hari, “Inihanda mo ang aking daan dahil nilinis mo ang daan patungo sa mga puso ng aking bayan.”

Mga minamahal kong kapatid, iyan ang Adbiyento. Hindi lamang tayo naghihintay kay Kristo; inihahanda natin ang Kanyang daan. Maaaring hindi natin maalis ang bawat hadlang, ngunit maaari nating alisin ang isang bato. Maaaring hindi natin mapagaling ang bawat sirang ugnayan, ngunit maaari tayong humakbang ng isang hakbang tungo sa pakikipagkasundo. Maaaring hindi natin maaliw ang lahat, ngunit maaari nating aliwin ang isang tao.

Pakinggan nating muli si Juan Bautista: “Ihanda ang daraanan ng Panginoon, tuwirin ang Kanyang mga landas.” Linisin ang daan. Buksan ang iyong puso. Alisin

ang mga bato. Makipagkasundo. Magpatawad. Magsimulang muli.

At ito nawa ang maging panalangin natin sa buong Adbiyento: “Parito Ka, Panginoong Hesus, at ipakita Mo sa akin ang batong kailangan kong alisin sa Iyong daan ngayon. Naghanda ako ng lugar para sa Iyo. Pumasok Ka—at manatili sa akin.” Amen.

- **Translated by William Valdrez, Jr., Perth, WA**